

NOBYEMBRE 3, 2020, MGA MADALAS ITANONG PARA SA PANGKALAHATANG ELEKSYON

Ako ay isang bagong mamamayan. Paano ako magpaparehistro upang bumoto?

Pagkatapos ng seremonya ng Pagiging Mamamayan at Mga Serbisyo ng Imigrasyon, maaari kang magpaparehistro upang bumoto

- Bumisita sa <https://registertovote.ca.gov/>
- Humingi ng form ng pagrerehistro ng botante sa (562) 570-6101
- Sa isang Vote Center sa Araw ng Eleksyon

Maaari ba kong bumoto kung nakulong ako o naging bahagi ng sistema ng hustisyang pang-kriminal?

Oo, maaari kang bumoto kung ikaw ay:

- Nasa probation
- Nasa ilalim ng post-release community supervision (PRCS)
- Nasa ilalim ng mandatoryong pagsubaybay
- Kasalukuyang nakakulong sa kulungan ng county (maliban kung nasa kulungan dahil nilabag mo ang parole, o nahatulan at napatawan ng felony at naghihintay na mailipat sa kulungang pederal o ng estado)
- (Mga) nakabinbing sakdal para sa felony – hindi nahatulan
- Nagsisilbi ng sentensya sa kulungan o nasa probation dahil sa hatol na misdemeanor

Kailan ko kailangang magpaparehistro para bumoto para sa ika-3 ng Nobyembre Pangkalahatang Eleksyon?

Ang huling araw para magpaparehistro para bumoto ay sa **Oktubre 19, 2020**, 15 araw bago ang Araw ng Eleksyon (**Nobyembre 3, 2020**)

Maaari kang magpaparehistro sa pamamagitan ng pagbisita sa <https://registertovote.ca.gov/>.

Kung nahuli ka sa deadline, dapat kang magpaparehistro para bumoto sa opisina ng LA County Registrar-Recorder O sa alinmang Vote Center.

Kailan magsisimula ang botohan?

- Ang Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay magsisimula sa **Oktubre 5, 2020**
- Ang pagboto nang personal ay magsisimula sa mga Vote Center sa **Oktubre 24, 2020**

Paano ko ibabalik ang balota ko?

- Sa alinmang lokasyon ng Drop Box para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo
- Sa pamamagitan ng koreo, tandaang hindi kailangan ang selyo
- Sa alinmang Vote Center sa LA County
- Sa opisina ng LA County Registrar-Recorder

Maaari bang ibang tao ang magbalik ng balota ko para sa akin?

Oo, ang mga botanteng hindi makakapagbalik ng kanilang balota para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay maaaring magtalaga ng taong magbabalik ng kanilang balota basta walang kabayaranang nasasangkot para sa indibidwal, grupo o organisasyong nagbabalik ng balota.

Kailangan ko bang humiling ng Balota para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?

Hindi, lahat ng mga rehistradong botante ng Long Beach ay padadalhan sa koreo ng Balota para sa Pagboto sa Pagagamitan ng Koreo simula **Oktubre 5, 2020** nang walang paghiling.

Kung nakatanggap ako ng Balota para sa Pagboto sa Pagagamitan ng Koreo, maaari pa rin ba kong bumoto nang personal sa alinmang Vote Center?

Oo, maaari mong piliing ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo o ibalik ang iyong balota at bumoto nang personal.

Hindi ko nakatanggap ang aking Balota para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Paano ako maaaring humiling ng Balota?

Maaari mong kontak ang opisina ng LA County Registrar-Recorder sa 800-815-2666.

Paano ko maaaring kumpirmahin kung ang aking Balota para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay natanggap?

- Mag-subscribe sa Ballot Trax sa pagbisita sa: <https://california.ballottrax.net/voter/>
- I-access ang LA County Registrar-Recorder’s Mail Status Tool sa pagbisita sa: https://www.lavote.net/av_inquiry

Paano kung nakalimutan kong lagdaan ang Sobre?

- Ang opisina ng LA County Registrar-Recorder ay magpapadala ng sulat tungkol sa “Pahayag ng Di-napirmahang Balota” na humihiling ng iyong paglagda.
- Ang mga botante ay may dalawampu’t walong (28) araw pagkatapos ng Araw ng Eleksyon upang ibalik ang pahayag.

Paano ko makikita ang pinakamalapit Vote Center o Mga Lokasyon ng 24 Oras na Drop Box ng Balota?

Bisitahin ang <https://lavote.net/> o ang <http://www.longbeach.gov/cityclerk/>

Ligtas ba ang 24 Oras na Drop Box ng Balota?

Oo, ang 24 Oras na Drop Box ng Balota ay gawa sa ganap na stainless-steel na may maraming katangian ng seguridad. Ang kahon ay protektado hanggang sa lupa gamit ang mga konkretong fastener sa loob ng kahon para walang nakalantad na bolt. Ang hulugan ng balota ay sapat ang kaliitan para balota lang ang makapasok at may mga proteksyon laban sa likido at bandalismo.

Kailan kukunin ang mga Balota?

Ang mga balota ay kukunin ng opisina ng LA County Registrar-Recorder linggu-linggo simula sa panahon ng botohan. Ang pagkuha ay mas dadalas habang lumalapit sa Araw ng Eleksyon. Lahat ng kahon ay kukunin nang 8:00 p.m. sa Araw ng Eleksyon.

Gaano katagal pagkatapos ng Araw ng Eleksyon mananatiling ang pagbilang ng mga balota?

Ang mga balota para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na naka-postmark sa o bago ang Araw ng Eleksyon at natanggap sa loob ng 17 araw ay ipo-proseso, beberipikahin at bibilangin.

Kailangan ko bang magpakita ng ID para bumoto?

Ang tanging pagkakataong kailangan mong magpakita ng ID para bumoto ay kapag isa kang first-time na botante at hindi nagbigay ng Numero ng Lisensya sa Pagmamaneho ng CA, Numero ng ID ng Estado, o huling 4 na numero ng iyong Social Security Number noong kinumpleto ang iyong rehistro ng botante.

Maaari ba akong humiling ng Balota sa ibang wika?

Oo, para hilingin ang iyong balota o anumang materyal na pang-eleksyon sa ibang wika, pakitawagan ang:

800-815-2666, opsyon 3

- Mga Sinusuportahang Wika: Armenian, Chinese, Farsi, Hindi, Japanese, Khmer/Cambodian, Korean, Russian, Spanish, English, Thai, Vietnamese

Ano ang isang Interactive Sample na Balota?

Ang Interactive Sample na Balota ay opsyon para sa mga botanteng nais i-access at digital na markahan ang kanilang mga pinili bago dumating sa sentro ng botohan (sa halip na sample na papel na booklet) gamit ang kompyuter, mobile na telepono o personal na device (<https://isb.lavote.net/>).

MAHAHALAGANG PETA
NOBYEMBRE 3 | Pangkalahatang Eleksyon

Huling Araw para Magparehistro para Bumoto..... **Ika-19 ng Okt.**
 Naipadala na ang Opisyal na Librito ng Halimbawang Balota sa pamamagitan ng koreo..... **Ika-24 ng Set.**
 Naipadala na ang Balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.....**Ika-5 ng Okt.**

Huling Araw Upang Ibalik ang Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo
 **Ika-3 ng Nob.**